
Food and Agriculture Organization of the United Nations

# AFRICAN SWINE FEVER (ASF)

## Huwag hayaang mamatay ang mga alagang baboy sa ASF!

Mga dapat sundin upang maiwasan ang ASF:

### 1. Pansariling kalinisan



Magpalit ng malinis na damit at bota bago pumasok sa kulungan ng baboy.



Hugasang mabuti ang mga kamay gamit ang sabon at tubig.



Magdisimpekta ng bota bago pumasok sa kulungan ng baboy.

### 2. Pagpapanatili ng kalinisan sa kulungan ng baboy



Panatilihin malinis ang bakuran at kulungan ng baboy.



Panatilihin malinis ang mga gamit at gamitin lamang ito sa inyong babuyan.




Palagiin ang pagdisimpekta sa babuyan gamit ang "lime powder" at/o iba pang "disinfectants".


### 3. Pagpapakain




Huwag magpakain ng kaning baboy.



Pinakaligtas na magpakain ng "commercial feeds" sa mga alagang baboy.



Huwag gamitin ang tubig na pinaghugasan ng karne sa mga alagang baboy.



### 4. Awtorisadong pagpasok sa babuyan

Ang mga awtorisadong tao at sasakyan lamang ang papasukin sa babuyan.

Ang mga tagapag-alaga lamang ang maaaring pumasok sa kulungan ng baboy.

Gumamit lamang ng malusog na barako sa pagpapakasta ng mga alagang baboy.

### 5. Panatilihin malusog ang mga alagang baboy

Maglagay ng bakod upang maiwasan ang pagpasok ng mga ibang hayop sa loob ng babuyan.

Ihiwalay ng hindi bababa sa 30 na araw ang mga bagong alagang baboy.

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

©FAO, 2021
CB5889TL